

WARM-UP

- Ikaw ba ay may kaibigan na dahil sa tagal ng inyong pagkakakilala ay alam na niya ang lahat ng mga tinatago mong kinaugalian? Paano kayo naging magkaibigan?
- Nakaranas ka na ba ng hindi inaasahang kabaitan mula sa iba? Ikuwento kung ano ang nangyari.
- Ikuwento ang isang pagkakataon na may itinago ka tungkol sa iyong sarili dahil hindi mo ito nagugustuhan.

WORD *Tinawag ni Hagar na “Diyos na Nakakakita” ang pangalan ng Panginoon na nakipag-usap sa kanya, dahil sinabi niya, “Tunay bang nakita ko ang Diyos na nakakakita sa akin sa lugar na ito?”* **GENESIS 16:13**

(Basahin din ang **GENESIS 16:1-12.**)

Si Hagar ay ang taga-Egiptong utusan ni Sarai. Noong mga panahong iyon, kung hindi nabubuntis ang asawang babae, maaari siyang magkaroon ng anak sa pamamagitan ng kanyang utusan. Umasa si Sarai na mabubuntis si Hagar at mabibigyan siya ng anak. Subalit nang mabuntis si Hagar, siya ay naging mapanlait kay Sarai. Dahil dito, nagalit si Sarai at pinagmalupitan niya si Hagar, na siya namang naglayas. Subalit ipinakita ng Diyos ang Kanyang habag kay Hagar noong siya ay nasa ilang, at tinawag niya ang Diyos na *El Roi*, o “Diyos na Nakakakita.” Narito ang dalawang bagay na matututunan natin tungkol sa ating Diyos na nakakakita at ang katotohanan ng mga ito sa atin sa kasalukuyan.

1 | Nakita at kilala ng Diyos si Hagar.

Tinawag ni Hagar na “Diyos na Nakakakita” . . . GENESIS 16:13

Si Hagar ay hindi Judio at siya ay isang alipin. Nangangahulugan ito na nakaranas siya ng kahihyan at hindi pagtanggap bilang alipin sa sambahayan ni Abraham. Itinuring siyang mas mababang-uri at isang pag-aari. Sa kabila nito, personal na nangusap sa kanya ang Diyos. Ang ibig sabihin ng *El Roi* ay “ang Diyos na nakakakita sa akin.” Sa orihinal na wika, ang ganitong uri ng “pagkakita” ay hindi lamang nangangahulugan ng pagtingin kundi ng pag-alam at pagkilos ayon sa kaalamang ito. Nang ipakilala ng Diyos ang Kanyang sarili kay Hagar, hindi Siya nagtaka kung sino si Hagar. Kilalang-kilala Niya kung sino siya at kung ano ang nangyari sa kanya. Alam Niya ang kanyang nararamdamang kahihyan, pangamba, at kawalan ng kapanatagan, at ang kanyang pagmamahal sa dinadala niyang anak. Nakita Niya ang lahat, maging ang mga nakatago sa kaloob-looban. Ito ang kahulugan ng “Diyos na nakakakita.” Nakikita ka ng Diyos at lubos ka Niyang kilala—ang lahat ng mga nakikita at hindi nakikita. Ano ang nararamdaman mo dahil dito? Sa iyong palagay, ano ang nararapat na tugon sa katotohanang ito?

2 | Pinangalagaan ng Diyos si Hagar.

. . . *sinabi niya, "Tunay bang nakita ko ang Diyos na nakakakita sa akin sa lugar na ito?"* **GENESIS 16:13**

Hindi lamang nakita at kilala ng Diyos si Hagar. Ibinigay Niya kung ano ang kailangan ni Hagar. Ipinakilala Niya ang Kanyang sarili at nangusap Siya sa kanya. Nagpakita Siya ng habag at pagmamahal, kahit pa alam Niya ang pinakamadidilim na bahagi ng buhay ni Hagar. Kahit pa hindi siya isa sa mga "mamamayan ng Diyos," ang mga Judio, isinama Niya si Hagar at ang mga anak at inapo nito sa Kanyang pangako at nangako na matatanggap ni Hagar ang Kanyang pangangalaga. Hindi ka lamang lubos na kilala ng Diyos, kundi kumikilos din Siya para sa iyong ikabubuti nang may labis na habag, kabaitan, at pagmamahal. Paano mo naranasan ang habag ng Diyos?

.....

.....

.....

.....

APPLICATION

- Ganap kang nakikita at kilala ng Diyos, at nag-aalok Siya ng dakilang habag sa lahat ng tao. Sa iyong palagay, paano ka makatutugon sa katotohanang ito? Kung nais mong manampalataya sa Diyos na nakikita ang kasalukuyan, hilingin sa isang tao na manalangin kasama mo.
- May mga bahagi pa ba ng iyong buhay na nahihirapan kang isuko sa Pagkapanginoon ni Cristo? Ipanalangin na bigyan ka Niya ng kakayahan na isuko ang mga ito sa Kanya at magtiwala na nakikita at pinangangalagaan ka ng Diyos.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga paraan kung paano mo maipaparamdam ang Kanyang habag sa ibang tao ngayong linggo.

